

1 May itinakdang panahon para sa kapanganakan ni Jesus gaya ng ipinangako ng Diyos.

Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. . . . MGA TAGA-GALACIA 4:4

Ang pagkasilang ni Jesus ay hindi biglaan. Itinakda ng Diyos kung kailan ito mangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa katunayan, ipinangako na ng Diyos ang kapanganakan ni Jesus mahigit isang daang taon bago pa ito nangyari (Isaias 7:14). Itinakda Niya ang tamang oras para sa pagdating ni Jesus upang tuparin ang Kanyang layunin sa mundo. Ito ay hindi aksidente. Ito ay lubos na pinag-planuhan. Kahit pa hindi natin nakikita ang pagkilos ng Diyos, maaari tayong magtiwala at magtiyaga dahil alam natin na kumikilos Siya at tinutupad Niya ang Kanyang plano sa takdang panahon. Paano mo ito nakita sa buhay mo?

2 Si Jesus ay ipinanganak ng isang babae upang maki-ugnay sa atin.

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan . . . MGA TAGA-GALACIA 4:4,5

Si Jesus ay kailangang ipanganak ng isang babae dahil sa ganitong paraan lamang Siya magiging kinatawan ng sangkatauhan sa krus nang sa gayon ay mailigtas Niya tayong lahat. Siya ay nagpakumbaba at nagkatawang tao upang makipag-ugnayan sa atin. Siya ay dumaan sa lahat ng uri ng pagsubok subalit hindi nagkasala (Mga Hebreo 4:15). Dahil naranasan ni Jesus kung paano maging tao at tiniis Niya ang mga paghihirap na dala nito, alam Niya at naiintindihan Niya kung ano ang pinagdadaanan natin. Dahil si Jesus ay hindi kailanman nagkasala, nailigtas Niya tayo sa ating kondisyon. Paano ka binigyan ng Diyos ng katiyakan na alam Niya at naiintindihan Niya ang iyong sitwasyon?

3 Ang solusyon ng Diyos sa ating mga kasalanan ay ang pagpapadala ng Kanyang sariling Anak.

⁴Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya ng isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan ⁵para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan . . . MGA TAGA-GALACIA 4:4,5

Si Jesus na Anak ng Diyos ay nagkatawang tao upang tubusin ang buong sangkatauhan. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo upang mabigyan ng solusyon ang pangunahing suliranin na sumisira sa sangkatauhan—ang kasalanan. Si Jesus ay naging tao upang mailigtas Niya tayo mula sa kaparusahan na dapat nating matanggap dahil sa ating mga kasalanan. Sa anong kaparusahan tayo iniligtas ni Jesus (Mga Taga-Roma 6:23)?

APPLICATION

- Basahin at pag-isipan ang sinasabi ng Isaias 9:6 ngayong linggo. Sa mga pangalang ibinigay kay Jesus sa bersong ito, ano ang higit mong naranasan? Paano mo ito naranasan? Hingin sa Kanya na mas lalo pang ipakita sa iyo kung sino Siya.
- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangang maranasan ang awa ni Jesus? Paano ka lalago sa pagtiwala mo sa Kanya, ngayong alam mo na naiintindihan at pinangangalagaan ka Niya?
- May mga tao ba na bahagi ng buhay mo na kailangang maka-alam na ipinadala ng Diyos si Jesus upang iligtas sila sa kanilang kasalanan? Paano mo masisimulang ibahagi sa kanila kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa kanila?